# *Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 59*
# *Mula sa buhay ni Jonah Yugto 1*

Ang propetang si Jonas ay isang propetang sinubok ng Panginoon, at ayon sa Kanyang Salita si Jeroboam ang anak ni Josiah hari ng Israel, gaya ng ating mababasa rito: ***"Kaniyang isinauli ang hangganan ng Israel mula sa pasukan ng Hamath hanggang sa dagat ng Araba, ayon sa salita ng Panginoon, ng Dios ng Israel, na nagsalita sa pamamagitan ng kaniyang lingkod na si Jonas na anak ni Amittai, na propeta na taga Gath-hepher." (2 Hari 14:25 KJV)*** Siguradong si Jonas ay galak na galak nang ang ipinahayag niya ay nagkatotoo at pinagtibay iyon na tunay niyang tinanggap ang Salita ng Dios at siguradong siya ay masaya na ang Israel ay naibalik muli sa kung ano ang nawala. Sa parehong paraan, ang lahat sa atin sa kung anong ating sinabi ay nagkatotoo mula sa Salita ng Dios at ilan sa atin ay nakamit iyon, tayo ay nagagalak sapagka't ito'y pinapagtibay sa atin na tayo'y lumalakad sa Dios at naririnig natin mula sa Dios, ganon din tayo ay masaya kapag tayo, ang bayan ng Dios, ang Kanyang simbahan ay pinanumbalik na muli kung anong nawala.

* Gayundin rin ating matutunan dito ay kailangan nating pagsikapan na sabihin ang pinaka bagay ng Dios na alam nating gagawin ng Dios kung anong Kanyang sinalita, at walang mangyayari sa mga bagay na hindi niya sinabi. Samakatuwid, ang higit nating kailangang may kamalayan kung ano ang atin sasabihin at ipapahayag.

Ang misyon ni Jonas bilang propeta ay hindi nagtapos sa ganoong batayan ng propesiya at tagumpay ng Israel sa panunumbalik sa kanilang mga nawala, kundi tinawag siya ulit ng Dios upang gampanan ang isa pang gawain, na ring mahigpit at seryosong bagay sa paningin ng Diyos. Tinawag ng Panginoon si Jonas upang gawin ang gawain ito gaya ng ating mababasa: ***"1 Ang salita nga ng Panginoon ay dumating kay Jonas na anak ni Amittai, na nagsasabi,2 Bumangon ka, pumaroon ka sa Ninive, sa malaking bayang yaon, at humiyaw ka laban doon; sapagka't ang kanilang kasamaan ay umabot sa harap ko." (Jonas 1:1-2 KJV)*** Sinabi ng Dios kay Jonas na umalis at pumaroon sa Nineve upang ipangar at upang ipahayag sa kanila ang Salita ng Dios at hatulan ang kanilang mga kasalanan at kasamaan. Sa parehong paraan, ang misyon ng simbahan ay hindi natatapos kapag tayo'y pinasaya ng tagumpay at kapag naibalik ang mga nawala sa atin bagkus patuloy na gawin ang higit na misyon na nasa puso ng Dios at sa Kanyang isip.

***"3 Nguni't si Jonas ay bumangon upang tumakas na patungo sa Tarsis mula sa harapan ng Panginoon; at siya'y lumusong sa Joppe, at nakasumpong ng sasakyan na patungo sa Tarsis: sa gayo'y nagbayad siya ng upa niyaon, at siya'y lumulan, upang yumaong kasama nila sa Tarsis mula sa harapan ng Panginoon." (Jonas 1:3 KJV)*** Si Jonas dito ay napaka pabaya at walang pananagutan tungkol sa bagong misyon ng Dios at sa pinapagawa sa kanyang gawin at bumangon at tumakas sa Tarsis kabaligtaran sa direksyon na pinadala sa kanya ng Dios, kagaya ng maraming Cristiyanong manggagawa at mga disipolo ay ginagawa at kumikilos patungo sa pinapagawa sa kanila ng Dios upang gawin para sa Kanya, at makikita mo sa kanila na pumupunta sa salungat na direksyon ng pagtawag ng Dios. Ang Salita ng Dios ay ipinahayag na ***si Jonas ay bumaba sa Joppa;*** at yaon ay nangangahulugang siya ay bumaba mula sa pamantayan na inaasahan ng Dios mula sa kanya na makapasok. Kapag ikaw ay sumuway sa Dios at lumayo sa misyon na nais ng Dios sayo upang gawin at sa pamantayan ng ministerio na ikaw ay tinawag upang gawin sa gayo'y ikaw ay lumalala at lumalayo mula sa pagtupad ng tawag ng Dios sa iyong buhay.

Si Jonas ay may salapi upang magbayad ng pamasahe sa barko upang tumakas mula sa Dios. Ang katulad sa maraming Cristianong manggagawa, sapagkat sila'y may salapi sa kanilang mga kamay makikita mo sila'y naglalaan at pumupunta sa maling direksyon na nais ng Dios sa kanila na tahakin. Ngunit ang Dios ay hindi mananahimik na harapin ang ganoong walang katapatan sa Kanya. Pinahintulot ng Dios ang malakas na hangin sa dagat upang harapin ang paglalakbay na yaon ni Jonas. ***"4 Nguni't ang Panginoon ay nagpasapit ng malakas na hangin sa dagat, at nagkaroon ng malakas na unos sa dagat, na anopa't ang sasakyan ay halos masira." (Jonas 1:4 KJV)*** Hinayaan ng Dios ang mga pagsubok at kahirapan na aapekto gaya ng malakas na hangin upang salungatin ang mga Cristianong manggagawa na pagkatapos nilang tinanggap ang pagpapala ng Dios sila'y lumayo sa Dios at mula sa Kanyang pagtawag, nilulustay ang mga biyaya upang pasayin ang kanilang sariling buhay at ginagawa ang kanilang sariling kalooban at tumakas sa pagdurusa. Patuloy na gagawin ng Dios ang gayon sa pagtukoy sa ganoong pamagsamantalang pagkilos ng ganoong manggagawa laban sa Dios na iniibig na maging tanyag ngunit tumanggi sa misyon ng Dios.

Bakit tumanggi si Jonas na pumunta sa Nineve at gawin ang misyon na iyon ng Dios?

1. Maaring ito ay dahil siya'y namumuhi sa mga tao ng Nineve na masasamang tao at dating sinalakay at sinaktan ang Israel. Ito'y maaring ang kanyang galit at ang kanyang kawalan ng pag ibig patungo sa kanila.
2. Si Jonas ay tumanggi na pumunta at ipahayag ang Salita ng Dios sa kanila dahil ayaw niyang patawarin sila ng Dios at iligtas sila. Datapuwa't nais niya na lipulin sila ng Dios.
3. Ito'y maariing sa kanyang pagkamakasarili at ayaw magdusa para sa iba at maglaan sa ibang tao na kinamumuhian niya.
4. Ito'y ay maaaring takot siya sa kanila.
5. Ito'y maaring ginagawa ang kanyang sariling kalooban at ginagawa ang kanyang sariling kaunawaan. Iniisip na ang mga tao ng Nineve ay lampas na sa kaligtasan ng Dios.

Bakit marami sa kanila'y tumanggi sa pagtugon sa tawag ng Dios sa kanilang buhay? At bakit ka tumanggi na gawin ang gawain na misyon ng Dios? Ito ang mga posibleng mga dahilan:

1. Kawalan ng pagibig at habag sa mga naliligaw na kaluluwa. Dapat kang magkaroon ng habag ni Jesus upang abutin ang mga naliligaw na kaluluwa. Kung ikaw ay hindi pupunta sa mga tao na ipinapadala sa iyo ng Dios, sila'y mapapahamak at mapupunta sa impierno.

2. Pagkamakasarili at walang kahandaang magdusa para sa kapakanan ng iba. Pinagpala ka ng Dios sa maraming mga bagay, at kailangang gamitin ang mga ito at ibahagi sa iba na nangangailangan ng kaligtasan ng Dios.
3. Galit, walang kapatawaran at pagkamuhi sa mga kaaway. Kahit sa mga namumuhi sa iyo kung hihilingin ng Diyos sa iyo na pumunta sa kanila, kailangan mong magsisi sa gayon at pumunta.
4. Ito rin ay maaring ikaw ay natatakot sa mga tao. Kailangan mong sanayin ang iyong sarili na malampasan ang takot na yan sa pamamagitan ng pananalangin at sa pamamagitan ng pagtatalaga ng iyong sarili sa Dios at maging handang pumunta at gawin ang lahat ng iyong makakaya upang ipangaral sa mga tao na ipinadala sa iyo ng Dios.
5. Ginagawa ang iyong sariling kalooban at ginaganap ang iyong sariling kaunawaan. Huwag isipin na ang iba na may reputastyon sa pagiging masama, mga kriminal, masasama, mga patutot, at gumagawa ng masama ay malayo sa kaligtasan ng Dios. Huwag isipin na ang ilang mga bansa, ilang mga pangkat, o mga grupo ay nasa labas ng pag abot ng kaligtasan ng Dios.

***“5 Nang magkagayo'y nangatakot ang mga taong dagat at dumaing ang bawa't tao sa kanikaniyang dios; at kanilang inihagis sa dagat ang mga daladalahang nangasa sasakyan upang makapagpagaan sa kanila. Nguni't si Jonas ay bumaba sa pinakaloob na bahagi ng sasakyan; at siya'y nahiga at nakatulog ng mahimbing.” (Jonas 1:5 KJV)*** Ngayon dito maari mong makita kung paanong ang mga mandaragat, ang mga hindi mananampalataya, sila'y natakot, at kanilang sinimulang pagaanin ang barko upang maiwasan ang paglubog, at sila'y nagsimulang manalangin at umiyak sa kanilang mga dios para sa tulong, ngunit si Jonas ay pabaya at bumaba na mabilis na nakatulog. Minsan ang hindi mananampalataya ay mas mabuti kaysa sa mga Cristianong mga manggagawa na iniligay ng Dios at Kanyang tinawag sa kanilang likuran at pabaya sa kanilang paguugali upang tumugon sa ginagawa ng Dios sa paligid nila upang dalhin sila pabalik sa Kanya. Dapat nagsisi si Jonas nang naganap iyon, at bumalik sa Dios, ngunit higit siyang nagmalaki at pinawalang bahala ang pagtawag ng Dios sa kanya na magsisi at bumalik mula sa maling direksyon na pupuntahan niya. Makikita mo dito ang pagmamalaki at walang kahandaan sa pagsunod sa patnubay ng Dios at pamimilit sa paggawa ng mali.

***“6 Sa gayo'y lumapit sa kaniya ang puno ng sasakyan, at sinabi sa kaniya, Ano ang inaakala mo, O matutulugin? bumangon ka, tumawag ka sa iyong Dios, baka sakaling alalahanin ng Dios tayo, upang huwag tayong mangamatay.” (Jonas 1:6 KJV)*** Ngayon dito ang hindi mananampalataya ay tinuruan si Jonas kung anong kinakailangan niyang gawin. Ang ganoong uri ng manggagawa ay nakalimutan kung ano ang pagsisisi, ano ang pananalangin, ang pagbabasa ng Salita ng Dios, at ibang pangunahing mga bagay, at sa punto na ang mga di mananampalataya ay pumunta sa kanila upang turuan sila. Tinawag nila siyang ***O matutulugin***, sinabi nila sa kanya ***bumangon ka***, inutusan nila siya na ***tumawag sa Dios***. Nakakahiya sa kanyang mukha!

***Ano ang kahulgan ng O matutulugin?*** Ano ang ibig mong sabihin sa iyong pagtalikod at sa iyong pag alis mula sa Dios. Yaon ay pagsuway ng Dios, ginamit ang hindi mananampalataya, upang sawayin ang Kanyang bayan upang sila'y magsisi.

***Bumangon***, tumayo at simulang gawin ang gawa ng Dios at ang kalooban ng Dios.

***Tumawag ka sa iyong Dios, baka sakaling alalahanin ng Dios tayo, upang huwag tayong mangamatay..*** Magsimulang manalangin, talikuran ang iyong mga kasalanan, at muling ipangako ang iyong sarili na maglingkod sa Panginoon upang ang Kanyang kaligtasan ay dumaloy sa pamamagitan ng iyong buhay upang abutin ang iba na nasa paligid mo na hindi nakakakilala sa Dios.

***“7 At sinabi ng bawa't isa sa kanila sa kaniyang kasama, Magsiparito kayo at tayo'y mangagsapalaran, upang ating maalaman kung dahil kanino dumating ang kasamaang ito sa atin. Sa gayo'y nangagsapalaran sila, at ang palad ay nahulog kay Jonas.” (Jonas 1:7 KJV)*** Kaya kanilang nakilala at nalaman na ang masamang nangyaring ito sa kanila ay dahil sa isang tao sa kanila ay gumawa ng masama. Nakikita mo hanggang sa puntong ito na si Jonas ay pabaya tungkol sa iba na naapektuhan dahil sa kanyang kasalanan at sobrang makasarili at kung paanong iniiwasan niyang gawin ang kalooban ng Dios.

Ang aklat ng Jonas ay pagharap ng Dios sa mga maling pag uugali ng mga propeta na nag-akalang pupunta sa iba at sabihin sa kanila ang nais ng Dios sa kanila na gawin, ngunit siya mismo ay sumuway sa Dios at tumakas upang tuparin ang kalooban ng Dios. Ikaw ba ay ganoong tao at umaasal kagaya ni Jonas? Kung ikaw, sa gayon ang panahon ay dumating sa iyo upang magsisi. Ang simbahan ngayon ay may maraming Jonas at ang simbahan ngayon ay naglalaan ng higit ng oras upang itama ang kanilang maling pag uugali hanggang sa punto na maaring magdulot sa atin upang pabayaang abutin ang bagong mga tao.

Ngayon, ikumpara ang pag uugali ni Jonas na naglalakbay na labag sa kalooban ng Dios sa barko kasama ng mga hindi mananampalataya at nagdulot sa kanila ng malaking suliranin, at si Apostol Pablo sa ***Mga Gawa 27*** na isang bilanggo kay Cristo, at kung paanong iniligtas niya ang lahat ng mga pasahero at ipinakita sa kanila ang kapangyarihan ng Dios kahit na sila'y nagkasalan at naglakbay sa maling panahon laban sa kalooban ng Dios. Gusto mo bang maging katulad ni Jonas o katulad ni Pablo sa paggawa sa paglilingkod sa Dios? Ang iyong kababaang loob, at mabuting paguugali ay magdadala ng isang malaking pagkakaiba sa iyong buhay minsiterio at sa buhay ng minsiterio ng Simbahan ng Dios.

Ang mga tao sa barko ay nagsapalaran upang malaman kung sino ang salarin sa suliraning yaon. Sila'y gumamit ng paraan sa Bibliya upang malaman ang taong kasangkot. Ang pakikipagsapalaran ay paraan na nasa Bibliya sa Lumang Testamento at sa Bagong Testamento.

***“8 Nang magkagayo'y sinabi nila sa kaniya, Isinasamo namin sa iyo na iyong saysayin sa amin, kung dahil kanino dumating ang kasamaang ito sa atin; ano ang iyong hanap-buhay? at saan ka nanggaling? ano ang iyong lupain? at taga saang bayan ka?” ( Jonas 1:8 KJV)*** Nang ang sapalaran ay nahulog kay Jonas sila’y nagusisa sa kanya upang malaman ang kanyang lihim, ang katotohanan at

kanyang itinatago; sila'y napaka unawain sa kanya at itinuring na may katarungan at ipinakita sa kanya ang awa ng Dios.Yaon ay nangyari, at marahil hinayaan iyon ng Dios upang siya'y makapagsisi.

***"9 At kaniyang sinabi sa kanila, Ako'y isang Hebreo; at ako'y natatakot sa Panginoon, sa Dios ng langit, na siyang gumawa ng dagat at ng tuyong lupain." (Jonas 1:9 KJV)*** Tingnan dito ang pagmamalaki ni Jonas. Sinabi niya sa kanila na siya'y Hebreo, at ang ibig sabihin ng Hebreo ay dayuhan sa lupa, at ibig sabihin na namumuhay malayo sa kamunduhan at malayo mula sa pagkapit sa makamundong mga bagay. Ngunit si Jonas sa kalagayang yaon ay hindi kumilos bilang isang tunay na Hebreo. Siya'y nagsinungaling na siya may takot sa Dios. Sa kalagayang iyon si Jonas ay walang takot sa Dios bagkus kanyang ginagawa ang pansarili.

Maraming mga Cristiano sila'y nagkukunwari na sila'y manggagawa o mga may ministerio ngunit ang katotohanan tungkol sa kanila sila'y tumakas sa Dios. Maraming Cristianong manggagawa sila'y nagsasalita ng malaking bagay at sila'y magaling sa pagsasalita ngunit ang kanilang pagkilos at ang kanilang tunay na buhay ay kagaya ni Jonas, masuwayin, magpahimagsik, mapagmalaki, ginagawa ang kanilang sariling kalooban at sila'y nagmamalaki na sila'y naglilingkod sa Dios.

***"10 Nang magkagayo'y nangatakot na mainam ang mga tao, at sinabi sa kaniya, Ano itong iyong ginawa? Sapagka't talastas ng mga tao na siya'y tumatakas mula sa harapan ng Panginoon, sapagka't isinaysay niya sa kanila," (Jonas 1:10 KJV)*** Ang mga lalaki ay natakot sa Dios nang kanilang narinig ang paraan ng pagsasalita ni Jonas, sa kabila ng lahat ng kanyang ginawang mali, ay tinatawag pa rin ang kanyang sarili na may takot sa Dios. Ang mga lalaki sa barko ay talagang nangatakot sa Dios kaysa kay Jonas, nalalaman nila na si Jonas ay tumakas mula sa presensiya ng Panginoon at sa huli'y sinabi niya sa kanya at hindi maitago sa kanila. Sila pa ang nagsabi kay Jona, ***"Bakit mo ito nagawa?"*** Ang mga hindi mananampalataya ay pinayuhan siya. Ang mga lalaki ay natatakot na maaring hampasin silang higit dahil kay Jonas na kasama nila sa barko na walang takot sa Dios. Hanggang sa punto na itinanong nila sa kanya kung ano ang kailangan nilang gawin sa kanya sapagkat ang dagat ay nangangalit at maari sila'y mamatay, ***"Nang magkagayo'y sinabi nila sa kaniya, Anong gagawin namin sa iyo, upang ang dagat ay tumahimik sa atin? sapagka't ang dagat ay lalo't lalong umuunos." (Jonas 1:11 KJV)***

***"12 At sinabi niya sa kanila, Ako'y inyong buhatin, at ihagis ninyo ako sa dagat; sa gayo'y ang dagat ay tatahimik sa inyo: sapagka't talastas ko na dahil sa akin dumating ang malaking unos na ito sa inyo." (Jonas 1:12 KJV)*** Sinabi niya sa kanila, ***Ako'y inyong buhatin, at ihagis ninyo ako sa dagat; sa gayo'y ang dagat ay tatahimik sa inyo: sapagka't talastas ko na dahil sa akin dumating ang malaking unos na ito sa inyo.*** Tingnan dito ang pagmamalaki ni Jonas; wala man lang pagsisisi, at kung paano niya inilalagay ang Dios sa pagsubok. Maraming masuwaying Cristianong manggagawa na inilalagay ang Dios sa pagsubok, inilalagay ang kanilang mga sarili sa malaking panganib at ginugulo ang iba, ngunit sila'y walang kahandaan upang magsisisi, bumalik sa Panginoon at isuko ang kanilang kagustuhan sa Kanya. Huwag gumaya sa ganoong uri ng mg tao na pinatitigas ang kanilang mga puso sa Dios at patungo sa paggawa ng Kanyang kalooban. Ang Panginoon ay hindi makikisama sa katigasan ng iyong ulo, at alam ng Panginoon kung paanong harapin ka kung ikaw ay masuwayin kagaya ng Kanyang pakikitungo kay Jonas.

Dapat sinabi ni Jonas sa kanila na dalhin ang barko pabalik sa lupa, ibaba ninyoo ako at umalis kayo. Ngunit hindi niya ginawa yaon; ang kaniyang pagmamalaki ang humadlang sa kanya mula sa ganoon. ***"13 Gayon ma'y ang mga lalake ay nagsisigaod na mainam upang bumalik sa lupa; nguni't hindi nila magawa; sapagka't ang dagat ay lalo't lalong umuunos laban sa kanila." (Jonas 1:13)*** Hindi ipinahintulot sa kanila ng Dios na dalhin ang barko sa lupa. Bakit? Sapagkat si Jonas ay matigas ang ulo at hindi nagsisi, at sinadya ng Dios na gawin kung ano ang lumabas sa kanyang bibig. Kapag ikaw ay matigas ang ulo kakainin mo at iinumin mo kung ano ang lumabas sa iyong bibig.

Ang mga lalaki sa barko nalaman nila na hindi nila kayang panatilihin si Jonas ngunit kailangan nilang itapon siya, "***14 Kaya't sila'y nagsidaing sa Panginoon, at nangagsabi, Ipinamamanhik namin sa iyo, Oh Panginoon, ipinamamanhik namin sa iyo, huwag mo kaming ipahamak dahil sa buhay ng lalaking ito, at huwag mong ihulog sa amin ang walang salang dugo; sapagka't ikaw, Oh Panginoon, iyong ginawa ang nakalulug***od ***sa iyo." (Jonas 1:14 KJV)*** Kaya ang mga lalaki ay nananalangin sa Panginoon at hiniling sa Kanya ang Kanyang taimtim na habag na patawarin Niya sila at huwag silang panagutin sa buhay ni Jonas, sapagkat kanilang itatapon siya upang pasiyahin ang Dios. ***"15 Sa gayo'y kanilang binuhat si Jonas, at inihagis sa dagat; at ang dagat ay tumigil sa kaniyang poot." (Jonas 1:15)*** Talagang inihagis ng mga lalaki si Jonas mula sa barko upang paluguran ang Dios, at ang dagat ay madaling tumigil sa pangangalit at bumalik sa normal, at yaon ay nagpasya na si Jonas ang sanhi ng pagsiklab ng galit ng Dios laban sa kanyang sarili at laban sa lahat ng mga nasa barko.

***Sa aking mahal at minamahal: "16 Nang magkagayo'y nangatakot na mainam ang mga tao sa Panginoon; at sila'y nangaghandog ng isang hain sa Panginoon, at nagsipanata." (Jonas 1:16 KJV)*** Sa nangyari nagdala ng takot sa Dios ang lahat ng mga nasa barko at nagdulot sa kanila ns makilala ang Panginoon at ginawa ang kanilang pangako at panata sa Dios.

Kapag ikaw ay masuwayin kagaya ni Jonas, maaring harapin ka ng Dios at dalhin ang iba patungo sa Kanya at iligtas sila at maging sanhi sa kanila upang ipangako ang kanilang buhay sa Kanya. Ganon din maaring ilagay ka ng Dios sa higit na kaguluhan upang magpakumbaba ka at dalhin ka upang magsisi at pilitan kang gawin ang Kanyang kalooban ng lubos gaya ng Kanyang ginawa kay Jonas, ***"17 At inihanda ng Panginoon ang isang malaking isda upang lamunin si Jonas; at si Jonas ay napasa tiyan ng isda na tatlong araw at tatlong gabi."***

Habang ikaw ay dumadaan sa matinding pakikibaka at mga kaguluhan sa iyong buhay dahil sa iyong pagsuway at kasalanan, sa gayo'y lumapit sa Panginoon sa pananalangin sa pagsisisi at ibigay sa Kanya ang iyong buhay at isuko ang iyong buong kalooban sa Kanya

upang ikaw ay makawala sa iyong kaguluhan. Palambutin ang iyong puso at huwag maging matigas ang ulo at sabihin sa mga taong nakapaligid sa iyo na itapon ka gaya ng ginawa ni Jonas.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay para sa aking mga kasalanan sa krus at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.*

*Ngayon ipagtapat at talikuran ang iyong mga kasalanan. Talikuran ang iyong kawalan ng pag ibig at kahabangan sa naliligaw na mga kaluluwa, ang iyong pagkamakasarili, ang iyong walang kagustuhang magdusa, pagsunod sa iyong sariling kaunawaan, ginagawa ang sariling kalooban, ang iyong galit, pagkamuhi at ang walang kapatawaran.*

*Panginoon aking ipinagtapat at tinatalikdan ang lahat ng sumusunod na mga kasalanan* ______________________________________.

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili upang baguhin ang aking paguugali at ang aking maling katangian, upang maging mapagmahal, mapagpatawad, mahabagin, pagsunod sa iyong kalooban, at gawin kung ano ikasisiya mo. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili upang maging mabuting halimbawa sa mga tao na nakapaligid sa akin, at aking ipinapangko ang aking sarili na magparami pa ng bunga ng Banal na Espiritu upang makita ng mga tao ka sa pamamagitan ng aking buhay.*

*Panginoon ako'y nananalangin para sa aking mga kapatid na nagsisi, ipinagtapat ang kanilang mga kasalanan at bumalik sa iyo upang maglingkod sa iyo at ipabuhay ang kanilang buhay para sa iyo, Panginoon tulungan mo sila sa kanilang buhay, protektahan mo sila, at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan. Panginoon aliwin mo sila, baligtarin ang kanilang pagsubok na sila'y naroroon, kaawaan mo sila. bigyan mo sila ng kaunawaan, palakasin sila, tiyakin sa kanila, alisin ang kanilang takot at bigyan sila ng kapayapaan.*

*Panginoon dalangin ko para sa amin bilang simbahan na maging tagalapat ng iyong Salita at tuparin ang mga gawain na itinawag mo sa amin na gawin para sa iyo. Panginoon aming ipinapangako ang amingsarili na pumunta at kumilos sa direksyon na nais mo sa amin na pumunta upang abutin ang naliligaw, sa pag eevamgelio, ginagawa ang iyong mabuting gawa, pagibig sa aming mga kaaway, pagpapatawad sa iba, pagpapahayag ng iyong Salita sa mga tao na nasa paligid namin, at ipakita ang mabuting halimbawa sa kanila upang tulungan sila na makilala ka sa pamamagitan ng aming buhay at sumunod sa iyo.*

*Panginoon, puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming buhay. Panginoon paging dapatin mo kami makapag evangelio at abutin ang bagong mga tao ng Mabuting Balita ni JesuCristo. Panginoon puspusin mo kami ng iyong pagibig, habag, katarungan at katuwiran at paging dapatin mo kaming makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF

ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.